

# 1521 | 2021

Christian Jil R. Benitez

Sa maraming paraan, sakuna sa ating kapuluan ang taong 1521. At sa marami ring paraan, maging sa kalahatian pa lamang nito, masasabing gayon din ang taong 2021.<sup>1</sup>

Mula sa ganitong paghahambing, tulad samakatwid kay Crisostomo Ibarra na sa isang sandali ay nangyaring masilayan sa isang hardin sa Maynila ang mga hardin ng Europa, nakapagmumungkahi sa atin ang mga *demonio del comparaciones* ng paraan ng pagtingin sa ating panahon. Mapagtitiyap ang nagdaang limandaang taon mula nang maligaw ang mga Español patungong Spice Islands at aksidenteng nakarating sa ating kapuluan, upang mapasinayaan ang isang pagpapahalaga sa kritikal na kumpas ng pagtanaw “muli” sa panandang sandali sa kasaysayan ng Pilipinas bilang hindi pawang “pag-alala” nga sa noon, kung hindi partikular na pagtingin din sa mismong ngayon, na nalilirip bilang panahong inaalinsabayan din ng mga panahong *iba pa*. Sa ibang salita, ang inihahandog sa atin nitong mga tukso ng paghahambing ay ang kamalayan hinggil sa Filipinong *kontemporaneidad*, o ang pagsasabay-sabay ng mga panahong inaakala nating magkakaiba, kung hindi man magkakahiwalay.<sup>2</sup>

Sa pag-aalinsabay na ito ng mga taong 1521 at 2021, mahalagang malirip ito hindi bilang pawang ispekulatibong katangian ng panahon sa ating kapuluan, na animo mistikal o materyal ng science fiction, kung hindi realidad ngang nararanasan natin. Ang pag-aalinsabay na ito ang katotohanang nagaganap din (hanggang) sa ngayon, na sinasabing isang makasaysayang taon, hindi lamang sa paraang buhay na buhay pa rin ang mga bakas ng 1521 sa ating kapuluan, kung hindi maging sa paraang ang mismong mga pangyayari noon—at kung tutuosin, maging ang kabuoan ng pananakop ng mga Español—ay binubuo pa rin, muli at muli, sa kasalukuyan. Marahil, kongkretong patunay na rin nito ang naging kaso kamakailan lamang laban sa Limasawa 6, hinggil sa lugar na pinagdausan ng unang misang Katoliko sa ating kapuluan (Lopez). Sa nasabing pangyayari, naging hayagan kung paanong ang kritikal na gawain ng paghahabi sa kasaysayan ay hindi lamang usapin ng pangangatwiran batay sa mga nalalabi at natatagpuang ebidensiya—o samakatwid isang atas siyentipiko—kung hindi pagpapagana rin ng mga kapangyarihang taglay ng mga umiiral sa ngayon: isang “pagsasasandata sa batas” (“weaponizing [of] the law”),

1 Utang ang mga pangungusap na ito mula kay Jeffrey B. Javier ng UP Mindanao, na ang pagkakaibigan ay, sa isang banda, bunga rin ng sakuna ng 1521: ang pagkakatalaga nga sa mga kapuluan ng Luzon, Visayas, at Mindanao bilang iisang nasyon, ang “Pilipinas,” na nakapangyaring magtagpo-tagpo sa mga tao na, sa ibang kasaysayan, marahil hindi magkakataon. Ang kaniyang eksaktong orihinal na mga pangungusap, na sa tingin ko, higit na matalas: “1521 was a disastrous year. So was 2021.”

2 Isaalang-alang ang halimbawang pagtataya ni Rosario Cruz-Lucero: ang kapuluan ng Pilipinas ay “alinsabay na bayan ng mga premoderno, moderno, at postmodernong lipunan[.] ang ating mga kanayunan, maliliit na pamayanan, at baranggay, habang masaklaw nating mailalarawan bilang premoderno, ay alinsabay ring nagtataglay ng ilang katangian ng mga postmodernong lungsod tulad ng Maynila, Los Angeles, o Paris” (“concurrently a country of premodern, modern, and postmodern societies[.] our rural areas, small communities, and villages, while we may sweepingly characterize them as premodern, possesses at the same time some of the trappings of postmodern cities like Manila, Los Angeles, or Paris”) (7).

halimbawa, laban sa potensiyang “pangkasaysayang katotohanan” (“historical truth”) (Nery).

Ang pag-aalinsabay ng mga panahon sa ating kapuluan ang nakapagdirin lamang samakatawid sa labis na kahalagahan ng pagmamalay hinggil sa kontemporaneidad bilang kritikal na sensibilidad sa araling Filipino. Sa ibang salita, sa larang na ito, hindi lamang hinihingi ang (kadalasan simplistikong) pagtatapat ng mga teksto sa itinuturing na partikular na konteksto ng mga ito; sa halip, ipinabalik din ng nasabing larang ang atas ng pagkilala sa masalimuot na kaugnayan ng mga teksto at kontekstong ito sa iba pang mga panahon, kasama na ang kasalukuyang pinangyayarihan ng pag-aaral. Sa gayong paraan marahil higit na magiging makasaysayan ang disiplinang Filipino—hindi lamang sa pag-aangkla ng mga aralin sa kani-kaniyang sosyo-historikong yugto ng mga ito, kung hindi natataya ring makahulugan para sa mismong sariling nagsusumikap dumalumat sa mga ito.

Sa ikapitong isyu ng *Katipunan*, makikita ang ganitong pagbaling sa kontemporaryong sensibilidad sa mga pag-aaral na ginagawang lunsaran ang mga teksto ng ngayon bilang paraan ng pagsiyasat sa mga kontekstong karaniwang itinuturing na malaon na, upang sa gayon ay makapagmungkahi rin ng panibagong pananaw hinggil sa mga ito. Halimbawa, sa pagbasa nina Kristine Mae A. Flores at James Hendrich R. Namoca sa mga kontemporaryong “alingansgas” tungkol kay Lapulapu, at sa pagsipat ni Emmanuel Jayson V. Bolata sa kamakailang pelikulang *Elcano & Magellan: The First Voyage Around the World* (2019), napagmumunihan ang kasangkutan ng kulturang popular sa paghulma sa pagpapahalaga sa kasaysayan ng Pilipinas. Maihahambing sa mga ito ang pagtuon naman ni Airalyn Gara sa pigura ng kalabaw, na madalas man nating makatagpo magpahanggang ngayon sa mga teksto bilang pambansang sagisag ay madalang pa ring masinsin upang mailahad ang nakapailalim nitong makasaysayang diskurso ukol sa pagkataong Filipino: bilang nakatali sa lupang kaniyang sinasaka.

Sa pagbabad naman ni Ariel Diccion sa tradisyon ng salubong ng Aglipayanong Kongregasyon sa lungsod ng Marikina, naisasahalimbawa niya ang potensiyang mga Filipino na mapanibago ang Kristiyanismong “pamana” ng mga Español. Sa pagtatanghal kasi ng kanilang paggunita sa muling pagkabuhay ni Hesukristo, alinsabay rin nilang naidirin at naaangking muli (“restore”) ang mga dating kagawiang kinailangan nilang baguhin bunga na rin ng paglipat ng kanilang kongregasyon. Samantala, sa pagsusuri nina Amber Garma at Rywel Mitra sa dalawang eskultura ng manlilikhang si Riel Hilario, inilalahad nila ang pagsasalikop ng sensibilidad na katutubo at impluwensiyang Español upang maari ang isang artikulasyon ng pagtanggap sa anyo ng sining. Sa gayon, sa mga pag-aaral na ito, natataya ang kontemporaneidad na Filipino sa gana na rin ng mga naisasakatawang liminalidad—mga pagsasama-samang paglikha rin sa katunayan ng panibago.

Ang mga pag-aaral naman ni Allan N. Derain at ni Glenda C. Oris, bagamat sa unang tingin ay pawang nakatuon sa partikular ngang panahon ng pananakop ng mga Español, ay kaaaninagan din ng pinakanapapanahong kaabalahan sa patolohiya. Sa pagsisinsin ni Derain sa di-gaanong kilalang teksto ni Jose Rizal, ang “La Curacion de los Hechizados” (“Lunas para sa mga Nakulam”), at sa pangangalap ni Oris sa mga tala ni Pedro Chirino, S.J. tungkol sa mga paghihimala noong ika-16 hanggang ika-17 siglo, tila pabalik na naisasalamang ang kasalukuyang pangambang pangkalusugan ng mga Filipino sa gitna pa

rin ng pandemyang dulot ng COVID-19. Kung sa nakaraang isyu ng *Katipunan*, nabanggit ang isang patalastas na “nagpapakita lamang kung gaano na ka-absurdo at ka-surreal ang lahat ng ating pinagdadaanan” sa pandemyang ito (Yapan 2), sa pamamagitan ng mga pag-aaral ni Derain at ni Oris, nahihinuhang hindi na rin pala talaga bago ang ganitong kalabisan ng pakiramdam alinsunod sa danas n gsalukoy. Samakatwid, ang kritikal na implikasyon ng kontemporaneidad: ano ang maituturo sa atin ng 1521 sa pagbukadkad pa ng nalalabing buwan ng 2021?

Marahil, sa katulad na paraan mapahalagahan din ang mga pag-aaral ni Damon Woods at ni Danilo M. Gerona, na kapwa nakatuon sa penomenon ng pagsasalin sa konteksto ng pananakop ng mga Español. Sa pag-aaral ni Woods, pinagtuonan niya ang *Libro a naisuratán ámin ti bagás ti Dotrina Cristiana* (1620) ni Padre Francisco Lopez, ang unang aklat sa Ilocano na naglalaman ng mga pangaral sa mga katutubo hinggil sa pamumuhay na Kristiyano; habang sa pag-aaral naman ni Gerona, isinalaysay niya ang naging gampanin ng mga *lengua* o tagasalin para sa layong pagpapalawig ng imperyo ng España. Mahalagang maisaalang-alang ang mga pag-aaral na ito sa kasalukuyang hilig sa larang ng panitikan, ng pagsasalin ng mga akdang nasa Filipino palabas lamang tungong Ingles. At bilang ang mga akda nina Woods at Gerona ay unang naisulat naman sa Ingles at piniling maisalin at mailathala ngayon sa Filipino, nagiging kumpas ng pagdiriin ang mga pag-aaral na ito sa labis na kahalagahan ng alinsabay ding pagsasalin paloob naman tungong Filipino. Sapagkat alinsunod na rin sa napatunayang hugis ng daigdig sa gana ng naging paglalakbay ni Ferdinand Magellan, ang pagiging mala-isperiko nito ay maaari lamang maging isang kritikal na panuto: tulad kung paanong sa kawalang-sulok ng nasabing hugis ay maaaring magsimula ang pag-ikot saanman, nararapat din lamang makapagsimula ang pangungusap hinggil sa daigdig mula sa anumang—maging hindi nangingibabaw na—wika.

Sa gana rin nitong nabanggit na hugis maaaring mabalikan upang higit na mapahalagahan ang pambungad na pagtitiyap sa limandaang taon ng kasaysayang Filipino na ginugunita: hindi dahil nakakulong nga ang panahon ng ating kapuluan sa iisang maulit na siklo, kung hindi dahil tulad sa isang isperiko, magkakakabit-kabit ang lahat ng panahon dito—iisang rabaw na maaaring bali-baligtarin kung kayâ mapanghikayat pa sa higit na mga pagtataon at paghahambing.

## Mga Sanggunian

Cruz-Lucero, Rosario. *Ang Bayan sa Labas ng Maynila/The Nation Beyond Manila*. Ateneo de Manila UP, 2007.

Lopez, Alexander. “Quest to name Butuan site of first Catholic mass takes legal turn.” *Philippine News Agency*, 19 Marso 2021, <https://www.pna.gov.ph/articles/1134168>. Binuksan 22 Hulyo 2021.

Nery, John. “Weaponizing the law... against history.” *Inquirer.net*, 15 Hunyo 2021, <https://opinion.inquirer.net/141193/weaponizing-the-law-against-history>. Binuksan 22 Hulyo 2021.

Yapan, Alvin. “Ang mga Sosyo-kultural na Sintomas ng COVID-19.” *Katipunan*, 6, 2020, p. 1-3.